



Magandang hapon/gabi po sa ating lahat.

Ang larawan ng Ina ng Laging Saklolo ay dinadala ng mga Redemptorists sa mga parokya na may pangalan o titulong Our Mother of Perpetual Help o Ina ng Laging Saklolo upang ipagdiwang ang ika-150 taong anibersaryo ng pagkakatiwala ni Papa Pio IX sa mga Redemptorists ng ICON at pagpapakilala kay Inay Maria bilang Ina ng Laging Saklolo. Imbes na ang mga deboto ang pupunta sa Baclaran, ang Mahal na Ina ang dadalaw sa kanyang mga deboto at mananahan sa mga parokya ng isang linggo.

# Debo(Mi)syon



Ngayong hapon/gabi, ang pagpapahayag ay tungkol sa debosyon o debo(mi)syon sa ating Mahal na Ina. Ang debo(mi)syon ay isang kataga na galing sa mga salitang debosyon at misyon. Ang katagang ito ay binuo upang mabigyan ng pangalan o tawag ang debosyon na may kasamang misyon o paglilingkod sa kapwa. Ito ang nais na maipalaganap ng mga Redemptorists sa Baclaran at sa ibang lugar.

Tuwing Miyerkules, libo-libo at sari-saring mga tao mula sa ibat-ibang lugar, mayaman o mahirap, bata o matanda, may kapansanan man o wala, babae at lalake, tomboy man o bakla, o bading, at iba pa, ang sama-samang nagpapahayag ng kanilang debosyon sa Mahal na Ina sa pamamagitan ng pagdarasal ng Nobena sa Pambansang Dambana ng Ina ng Laging Saklolo sa Baclaran. Ang tawag ng mga manunulat dito ay ang “Baclaran phenomenon”. Sino po ba dito sa atin ang nakapag nobena na sa Baclaran?



Sino po ba ang mga deboto ng Ina ng Laging Saklolo dito? Bakit po ba kayo nagdedebosyon sa Ina ng Laging Saklolo?

(Pagbabahaginan)

Balikan muli natin ang ICON o larawan ng Ina ng Laging Saklolo. Tumitig tayo sa kanya. Para sa atin, ano ang nakakatawag-pansin sa mga elemento na nasa larawan ng Ina ng Laging Saklolo? (Hayaang tumitig ang mga tao sa larawan sa isang minuto.)

(Tumawag ng mga magbabahagi, at bigyang-diin ang mga mata ni Inay Maria sa bahaginan.)



Ano ba ang meron sa titig? Pag sinabi mong “hindi siya makatitig sa akin ng direktso,” ano ang ibig sabihin nito?

Subukan nating gayahin ang titig ni Maria. Titigan natin si Maria (30 seconds)... Pagkatapos ay pumikit tayong lahat. Isipin natin na kalong natin si Hesus tulad ng Mahal na Ina. Ang kanang kamay natin ay hawak ang kamay ni Hesus, at ang kaliwang kamay naman ay ang bumubuhat kay

Hesus..... (1 minute)

(Kunin ang feedback ng mga tao sa ginawang exercise.) Mahirap bang tumitig ng katulad ng titig ni Maria? Bakit? Ano ang naramdaman ninyo ng “kalungin ninyo si Hesus?”

May koneksiyon ang ating titig sa ating puso. Ang nilalaman ng ating puso ay natatanto sa pamamagitan ng ating mga mata. Nangungusap ang ating mga mata, ika nga. Sino ba ang in-love na in-love dito? Paano ba tumitig ang isang tao na nakakaramdam ng matinding pagmamahal?

Ang titig ni Inay Maria ay titig na may mapagkalingang pagmamahal; ibig sabihin hindi lamang nagpapahayag ng pakikiisa ng damdamin kundi ng malalim na interes sa ating kalagayan. Walang mga mata ang Diyos ngunit lagi siyang nakatitig sa atin sa pamamagitan ng mga mata ni Inay Maria. Kung hahayaan nating titigan tayo ng Diyos sa pamamagitan ng mapagmahal na titig ni Maria, ibinubukas natin ang ating buhay at

pagkatao sa Diyos. Kaya ba nating ibukas ang ating buong pagkatao sa Diyos na walang tinatago sa kanya? Kaya ba nating makipagtitigan sa Diyos?

Sa pagnonobena ng mga deboto sa Ina ng Laging Saklolo, masasabing ang mga mata ni Inay Maria ay para bang nag-aanyaya sa mga deboto na lumapit sa kanya para sa lahat ng kanilang pangangailangan.

“Buong giliw mong tunghayan  
kaming iyong **mga anak** na  
ngayon ay humihingi ng iyong  
**tulong** sa lahat ng aming  
**pangangailangan...**”

**Panalangin sa Nobena**

Sa “Panalangin sa Nobena” sa Ina ng Laging Saklolo, nananalangin ang mga deboto nito: (Ipabasa ang panalangin)

Kayo po ba, ano ba inyong mga pangangailangan na sinasambit sa Mahal na Ina?  
(Pagbabahaginan)

(Basahin ang sample ng “tally ng thanksgiving letters.”)

Itanong sa mga tao: Ang lahat ba ng panalangin ng mga deboto ay tinutugon ng Diyos sa pamamagitan ni Inay Maria?

“... tinutugon Niya ang lahat ng aming panalangin sa paraang makabubuti sa amin.”

**Panalangin sa Nobena**

Ano ang ibig sabihin ng “... sa paraang makabubuti sa amin.”

May isang deboto na natapos sa pag-aaral ng medisina ang humiling sa Mahal na Ina na pumasa sa medical board exam. Sa totoo lang, tatlong beses na siyang kumuha ngunit hindi siya makapasa. Sa kanyang pagnonobena, natanto niya ang malalim na kahulugan ng kanyang pagiging doktor at nangako siya sa Mahal na Ina na paglilingkuran ang mga kapus-palad. Pagkatapos niyang kumuha ng eksamen ng pang-apat na beses, siya ay nakapasa. Naibahagi niya sa liham pasasalamat na kaya pala siya hindi makapasa noon ay sarili lamang niyang kapakanan ang kanyang iniisip.

Ito ang “power of unanswered prayers.” Hindi agad tinutugunan ng Diyos ang ating mga kahilingan. Pero huwag dapat tayong mawalan ng pag-asa. Bago niya ipagkaloob ang ating kahilingan, nais Niyang matanto natin na ang grasya na dulot ng kabutihang-loob ng Diyos ay di dapat sarilinin o manatiling para sa sariling kapakanan lamang. Binabahagi ito sa iba. Nais ng Diyos na ang kalooban natin mismo ang maging daluyan ng kanyang kabutihang-loob. Kung tayo mismo ay handa ng maging daluyan ng biyaya ng Diyos, tutugunan Niya ang ating mga kahilingan.



“... habang kami ay nababahala sa sarili naming mga suliranin huwag sana naming malimutan ang mga pangangailangan ng iba.”

Panalangin sa Nobena

Sa pagtitig natin kay Maria, ang kanyang mga mata ay nag-aanyaya sa ating mga deboto na “tunitig din sa iba” at alalahanin ang pangangailangan ng mga kapwadeboto at taong nakakaranas ng matinding kahirapan.

Sa nobena, ang panalangin ng bawat isa ay nagiging panalangin ng lahat... isang bayanihan sa panalangin ang nagaganap kaya siguro napakalakas ng “power of answered prayers” sa Baclaran.



Tumitig tayong muli sa mga mata ni Inay Maria. Nabanggit ko kanina na ang titig ni Maria ay nagpapahiwatig ng pakikiisa ng Diyos sa ating mga pinagdadaanan at sa lahat ng ating mga pangangailangan. Sa pagtitig natin sa mga mata ni Inay Maria nawa'y makita natin ang presensiya ng Diyos gaano man katindi ang mga pangangailangan natin sa buhay at nararanasan na kahirapan. Ang mga mata ni Inay Maria ay nagbibigay ng pag-asa... at nagpapahiwatig na "sisikat din ang araw gaano man kahaba ang gabi". May hangganan ang ordinaryong buhay at may buhay na walang hanggan dito sa lupa at sa kabilang buhay na naghihintay sa atin. Sa pagtitig natin kay Inay Maria, nais niyang tingnan natin ang pangaraw-araw na buhay sa "mata ng pananampalataya."



Kung nakikita at nararamdaman natin ang presensiya ng Diyos sa pangaraw-araw na pamumuhay ay natitikman na natin ang pangako Niyang buhay na walang hanggan dito sa lupa. Ang pagdasal sa harapan ng ICON ay isang paraan ng panalangin na nagbubukas sa ating mga mata at diwa sa espirituwal na presensiya ng Diyos. Kaya, paano natin ihahanda ang ating sarili at mananalangin sa Diyos sa pamamagitan ng ICON?

# **ANG ICON AY ISANG LARAWAN NA HINDI DAPAT SAMBAHIN**

Kung sinasamba natin ang isang religious image tulad ng ICON, nagkakaroon ng malawak na distansiya ang sinisimbolo nito sa atin, at para bang napakataas ng Diyos at napakahirap abutin. Ang ICON ay hindi isang “object of worship” o bagay na dapat sambahin. Dahil ang Diyos ay hindi natin masilayan, ang ICON ang nagsisilbing bintana upang maranasan natin ang banal na presensiya ng Diyos. Ibig sabihin, ang ICON ay isang larawan na nagsisilbing daan upang magkaroon tayo ng personal na relasyon sa Diyos.

# **ANG PAGDADASAL SA ICON AY ISANG PAGTATAGPO O “ENCOUNTER”**

Ano ba ang nagaganap sa pagtatagpo o engkwentro?

Una, ang engkwentrong ito ay may “element of surprise.” Ang Diyos ang siyang unang nag-aanyaya sa atin na makipagtagpo sa kanya ngunit hindi natin alam kung ano ang mangyayari sa pagtatagpong ito. Umaasa tayo na makikinig ang Diyos at nandiyan lamang siya sa ating tabi ngunit hindi natin madidiktahan ang Diyos kung paano siya tutugon o ano ang gagawin niya sa pakikipagtagpo sa atin.

Pangalawa, kapag ibinubukas natin ang ating kalooban sa Diyos ay lalo natin siyang nakikilala dahil siya din ay nagpapakilala sa atin... nagiging personal ang ating relasyon sa kanya. Nararanasan at nakikita natin kung paano siya kumikilos sa ating personal na buhay.

Ano ang kaibahan ng pagsamba sa pagtatagpo o engkwentro? Sa pagsamba, may malawak na distansiya ang nasa pagitan ng sumasamba at sinasamba, ng tao at Diyos. Ang Diyos ay nanatiling makapangyarihan na pinupuri dahil nagbibigay sa atin ng biyaya. Sa pagtatagpo o engkwentro naman ay inaanyayahan ang tao na lumapit sa

Diyos sa pamamagitan ng pagbubukas ng kanyang sarili upang maging personal ang kanyang relasyon sa Diyos. “The more we open ourselves to God, the more He reveals Himself to us.” Sa pagtatagpo o “encounter” na ito, inaanyayahan tayo na tumitig sa ICON, ibukas ang ating kalooban, at hayaan din nating titigan tayo ng Diyos sa pamamagitan ng mga mata ng Mahal na Ina. Kaya ba nating makipagtitigan sa Diyos, ibukas ang ating kalooban ng walang pag-aalinlangan at pagkukunwari, at walang tinatago sa Kanya?



## **INAANYAYAHAN TAYO NA PUMALOOB SA ICON, MAGING BAHAGI NG ICON, AT MAGDASAL KASAMA ANG ICON**

Hindi tayo nagdadasal sa ICON kundi nagdadasal tayo sa Diyos kasama ang ICON. Hindi tayo nagdadasal sa ICON dahil hindi ito ang pinakahuling hantungan ng ating panalangin. Nagdadasal tayo kasama ang ICON, at inaalay natin ito sa Diyos, na siyang pinakahuling hantungan ng ating panalangin.



Kung papaloob tayo sa ICON, siyempre hindi pisikal kundi espirituwal, saan kayang bahagi ng ICON magiging “at home” o palagay ang ating diwa? Subukan nga nating ilagay ang ating sarili sa loob ng ICON sa pamamagitan ng ating imahinasyon?

(Pagbabahaginan)

Sa pagdadasal sa ICON at sa ating pagtitig dito, unti-unting namumulat ang ating mga “espiritwal na mata” upang masilayan natin ang dakilang presensiya ng Diyos. Sa palagiang pagtitig ng ating mga mata sa mga elemento o pigura na nasa larawan, nabubuksan ang ating “espirituwal na mata” at nabibigyan tayo ng grasya na masilayan ang “larawan ng Diyos” at madama ang kanyang walang-hanggang pagmamahal.

Tayo ay inaanyayahan sa isang “sandiwaan”, kung saan ang ating diwa at ang diwa ng Diyos ay magiging isa na hahantong sa malalim na pag-iibigan at pagbubukas ng ating kalooban at pananahan dito ng Diyos. Ang Diyos ay nag-aanyaya na pumaloob tayo sa kanyang pagmamahal at makibahagi sa pagmamahal na ito sa pamamagitan ng pagmamahal sa kapwa at buong sangnilikha. Ito ang tanda ng tunay na pagmamahal: Kapag tumitindi ang pagmamahal natin sa Diyos ay lalong tumitindi ang pagmamahal



natin sa kapwa. At totoo din ang kabaliktaran nito. Pag tumitindi ang pagmamahal natin sa kapwa ay tumitindi din ang pagmamahal natin sa Diyos. Ang umunlad o lumago sa pagmamahal sa Diyos at kapwa ay ang dapat na maging bunga ng ating pagdedebosyon kay Inay Maria at pagdarasal kasama ang ICON.


Sa ganitong paraan ng pananalangin sa harapan ng ICON at pakikipagrelasyon sa Diyos at kapwa, ano ang hamon nito sa ating pagdedebosyon sa Mahal na Ina ng Laging Saklolo?

## PANIBAGUHING ang ating Debosyon



Ang hamon sa atin ay ang panibaguhin ang ating debosyon. Hindi po ganap na baguhin, hindi po palitan, kundi panibaguhin ang ating debosyon ayon sa inspirasyon ng ispiritualidad o diwa ng ICON. At ipagpatuloy ang isang debosyon o debo(mi)syon na nagbubunga ng paglago sa pag-ibig sa Diyos at malasakit sa kapwa, lalo na sa higit na nangangailangan.

## Walang paghihiwalay sa ating debosyon at pang-araw-araw na buhay



Sa ating pagdedebosyon, tayo mismo ang nagiging dambana ng pag-ibig ng Diyos sa ating pang araw-araw na buhay. Walang nagiging paghihiwalay sa ating debosyon at relasyon sa kapwa, salita at gawa, pagsamba at pakikibaka sa buhay.

Ang “spiritual experience” ng pagtitig sa Icon ay nagbubunga ng pagbabago sa ating pag-uugali at pakikitungo sa ating kapwa sa pangaraw-araw na buhay; at sa patuloy na pagdedebosyon ang pagbabagong ito ay nagiging permanenteng katangian ng ating pagkatao at pag-uugali. “The spiritual experience transforms into trait in our everyday life.” Ang pakikipagrelasyon sa Diyos ay nagbubunga sa ating puso ng “compassion” o pagmamalasakit sa kapwa.

Bilang gabay sa pagpapanibago ng ating debosyon, basahin natin ngayon ang mga panalangin sa nobena sa Ina ng Laging Saklolo.

**“Upang maunawaan namin na kami’y tinuturuan ng Diyos sa pamamagitan ng mga pangyayari sa araw-araw na pamumuhay...”**

**Mga kahilingan sa Ating Ina ng Laging Saklolo**

Gaano ba kahalaga ang mga pangyayari sa araw-araw sa buhay kristiyano? Alam natin na sa pamamagitan ng mga sakramento tulad ng binyag, kumpil, banal na misa, kumpisal, kasal, atbp. ay ipinahahayag ng Diyos ang kanyang presensiya sa ating mga komunidad. Paano naman natin makikita ang presensiya ng Diyos sa pangaraw-araw na pamumuhay?

Ang pinakamahalagang aral na tinuturo ng Diyos sa mga pangyayari sa araw-araw ay: “Ang Diyos ay pag-ibig.” At kung iniibig mo ang iyong kapwa at ang mga higit na nangangailangan, ipinapadama mo sa kanila pag-ibig mo sa Diyos. At sa pamamagitan ng pag-ibig sa kapwa ay makikita ang presensiya ng Diyos sa araw-araw.

Madalas nating nababanggit ang katagang “in God’s time.” Ano ba talaga ang ibig sabihin nito? Posible bang ang “panahon ng Diyos” at pangaraw-araw na buhay ay “mag-intersect” o maging isa? Para sa akin, ang katagang “in God’s time” o sa panahon ng Diyos ay ang mga sandali o oras na nabubuhay tayo sa pag-ibig dito sa lupa. Ang pang araw-araw na buhay ay nagiging buhay na walang-hanggan “in God’s time” sa mga panahon na tayo ay nagmamahal nang lubusan o sumasaklolo sa

kapwang nangangailangan ng walang hinihintay na kapalit. Ika nga, “Diyos na lamang ang bahalang gumanti sa atin.”

Sa pamamagitan ng mga pangyayari sa araw-araw na pamumuhay, nakikilala natin ang Diyos dahil binibigyan niya tayo ng mga pagkakataon upang ipakita at ipadama ang kanyang pagmamahal sa ating kapwa. Tinuturuan tayo ng Diyos kung paano ang umibig sa ating panahon at kalagayan, sapagkat Siya mismo ay Pag-ibig.

Kung tayo ay nabubuhay sa pag-ibig ng Diyos sa araw-araw, para na rin tayong nabubuhay ng walang hanggan. Hindi na tayo kailangan pang “kunin ni Lord” para matikman ang buhay na walang hanggan.

Kaya angkop lamang na tawagin natin ang ICON ng Ina ng Laging Saklolo na “Icon of Love” o larawan ng pag-ibig. ANG DIWA NG ICON AY ANG DIWA NG PAG-IBIG NG DIYOS na dapat nating ipadaloy sa ating pagiging “laging saklolo” sa mga nangangailangan sa ating pangaraw-araw na pamumuhay.



Nabanggit ko kanina na ang hamon sa ating mga deboto ay ang panibaguhin ang ating debosyon o debo(mi)syon upang ito ay makatugon, at hindi maging hiwalay, sa pangaraw-araw na buhay. Ito ang pangalawang hamon ng debo(mi)syon: ang lumikha ng mga kondisyon o sitwasyon upang ang pag-ibig ng Diyos at pag-ibig sa kapwa ay umiral sa araw-araw na pamumuhay. Kung susuriin natin, marami ang sagabal sa pag-iral ng pag-ibig ng Diyos sa ating pamilya at pamayanan. Ano po ba sa palagay niyo ang mga ito?

(Pagbabahaginan)

Isang matinding sagabal sa pag-iral ng pag-ibig ng Diyos ang kahirapan. Ano ba ang larawan ng kahirapan ang ating nararanasan sa ngayon?



Sino po ba ang dalawang anghel na ito? Ano ang sinisimbolo ng mga bagay na kanilang hawak?

(Pagbabahaginan)

Ang larawan ng dalawang anghel na may dalang krus at sibat ay nagpapahiwatig ng paghihirap na naranasan ni Hesus. Sa ating panahon marami ang nakakaranas ng ibat-ibang anyo ng kahirapan: gutom, giyera, sakit, mababang sahod, atbp. Ano-ano po ba ang anyo ng kahirapan sa ating komunidad?

(Pagbabahaginan)

Ang kahirapan ay malaking sagabal sa pag-iral ng pag-ibig ng Diyos sa ating tahanan at lipunan. Nagdudulot ito ng mga sigalot at pag-aaway. Dahil sa kahirapan marami ang nabubuhay na walang kapayapaan.

“Bayang tinubua’y  
ipinagdarasal at  
kapayapaan nitong  
sanglibutan.”

Inang Sakdal Linis

Tuwing misa, napakahalagang bahagi ang pagbabatian ng “sumainyo ang kapayapaan” bago tayo magkomunyon. Pero ano nga ba ang ibig sabihin ng kapayapaan para sa inyo? Ano ba ang dapat gawin upang magkaroon ng kapayapaan?

(Pagbabahaginan)

Ang paghahangad at pagkilos upang magkaroon ng kapayapaan ang ating Inang Bayan ay isang mahalagang gawain ng mga debotong-misyonero/a ng Ina ng Laging Saklolo. Tayong mga deboto ni Inay Maria ay hinahamon na maging deboto din ng ating Inang Bayan.



**“Upang ipahayag namin  
ang dangal ng trabaho sa  
pamamagitan ng  
katapatan sa aming mga  
gawain...”**

**Mga Kahilingan sa Ating Ina ng Laging Saklolo**

Bilang mga manggagawa, ang ating dignidad ay nakaugat sa ating pagiging kamalikha o “co-creator” ng Diyos. Ang diwa ng paglilikha ng Diyos sa daigdig ay nagpapatuloy hanggang ngayon sa pamamagitan ng mga gawain ng tao sa lipunan. Kung tapat tayo sa Diyos, magiging marangal tayo bilang mga manggagawa o propesyonal, at sa pagtupad natin sa ating mga tungkulin sa pamilya at lipunan.

Kumusta ba ang buhay ng mga manggagawa sa ating lipunan ngayon? Ang kanila bang sahod ay nakakasapat upang mabuhay ng may dignidad?

Ang isang matinding salot sa buhay ng manggagawa ay ang kontraktuwalisasyon. Maraming manggagawa ang naghihirap dahil wala silang kaseguraduhan sa trabaho dahil ang kontrata nila ay hindi lumalagpas sa anim na buwan. “Endo” na, ika nga (end of contract).

Dahil sa kawalan ng permanenteng trabaho at mababang suweldo sa ating bansa, maraming Pilipino ang nagiging OFW. Ito ay nagreresulta sa pagsasamantala sa karamihan ng mga DH o domestic helper na nadedeploy sa Middle East, tulad sa

Saudi Arabia at Kuwait. Marami sa mga kababaihan ang nagmimistulang alipin. May programa ba ang ating parokya para sa mga OFWs na nangangailangan ng tulong?

**“Upang maunawaan  
namin ang kasamaan ng  
paghahangad sa sariling  
kapakanan na  
makapipinsala sa iba...”**

**Mga Kahilingan sa Ating Ina ng Laging Saklolo**

Ang Pilipinas ay nataguriang “the only Christian nation in Asia”, pero ayon sa survey, ang bansa daw natin ay #1 sa “graft and corruption.” Totoo po ba ito?

Ang paghahangad sa sariling kapakanan na makapipinsala sa iba ay tinatawag na “social sin” o kasalanang panlipunan. Ang halimbawa nito ay ang paggamit ng posisyon sa gobyerno upang magpayaman. At dahil may kutsabahan na sa pagitan ng mga gumagawa nito, ang paggawa ng mali ay nagiging kalakaran na o isang istruktura sa mga opisina, tulad na lamang ng nangyayari sa LTO. Kung hindi ka maglalagay sa mga fixer ay aabutin ka ng siyam-siyam bago ka makakuha ng lisensiya. Kaya marami ang napipilitang maglagay.

Malapit na naman ang eleksiyon at mamimili na naman tayo ng mga lider na mamumuno sa ating pamahalaan. Aktibo po ba ang PPCRV dito sa ating parokya? Posible kaya na makahikayat tayo ng maraming deboto ni Inay Maria upang maging miyembro ng PPCRV o Kontra Daya? Ano ang mga pamamaraan upang malabanan natin ang “graft and corruption” sa ating lipunan at komunidad?

“Upang tumulong kami na ipamahagi ang kayamanan ng mundong ito alinsunod sa katarungan...”

### **Mga Kahilingan sa Ating Ina ng Laging Saklolo**

Mayaman ang Pilipinas sa likas na biyaya ng Diyos ngunit bakit marami ang naghihirap sa ating bayan?

(Pagbabahaginan)

“... ipamahagi ang kayamanan alinsunod sa katarungan.” Ang ibig sabihin ba nito ay ang kayamanan ng mundong ito ay nasa kamay ng iilan lamang kaya dapat ipamahagi? Dito sa ating bansa, sino-sino ba ang mga pamilya ang may hawak ng kapangyarihan sa ating ekonomiya? Sa palagay niyo, nilikha ba ng Diyos ang kayamanan ng Pilipinas para angkinin lamang ng iilang pamilya?

Ano ang ibig sabihin ng mga salitang “alinsunod sa katarungan?” Makatarungan ba ang sahod na tinatanggap ng mga manggagawa at empleyado? Makatarungan ba na kamkamin ng mga dambuhalang minahan ang mga lupang-ninuno ng mga katutubo? Makatarungan ba na ipaubaya na lamang ng gobyerno sa pribadong sektor ang mga batayang serbisyo tulad ng tubig, kuryente, pangkalusugan, atbp. at maging negosyo na lamang ito na binebenta sa mga mamamayan? Dapat bang lumahok ang mga

Kristiyano sa mga usapin ng land reform, makabayang edukasyon, ekolohiya, pagsugpo ng “graft and corruption” at iba pang mga panlipunang usapin?

Dapat bang lumahok ang mga Kristiyano sa pagbabago ng di-makatarungang sistema ng lipunan?

(Pagbabahaginan)



Batay sa mga panalangin at kahilingan sa Nobena sa Ina ng Laging Saklolo ay nakita natin ang kalagayan ng ating lipunan. Binigyang-pansin natin ang kawalan ng kapayapaan sa ating bayan; ang paghahangad ng dignidad sa paggawa ng mga manggagawa; ang “graft and corruption” bilang halimbawa ng social sin; at ang sitwasyon ng kahirapan na dulot ng kawalan ng katarungan.

Tumingin tayong muli sa ICON at magnilay kung may mababanaagan tayong pag-asa sa gitna ng ganitong kalagayan. Magfocus tayo ngayon sa imahe ni Hesus. Saan ba siya nakatingin? Ano ba ang direksiyon ng kanyang titig?



Kung titigan nating mabuti (close-up) ang ICON, makikita natin na si Hesus ay hindi nakatingin sa krus. Ang direksiyon ng kanyang paningin ay lagpas sa krus; kung tutuusin lagpas pa ito sa kuwadro o kahon. Ano kaya ang pinahihiwatig ng pagtitig ni Hesus na lagpas sa krus at palabas sa kuwadro?

Hinahamon tayo ni Hesus na tumingin sa labas ng ating kalagayan, sa labas ng ating mga sariling “kuwadro o kahon” o kinagawiang pagdedebosyon o buhay-pananampalataya, at panibaguhin ito upang ang pag-ibig ng Diyos at pag-ibig sa kapwa mismo ang mamayani sa lahat ng panahon at kalagayan.

Sa ating pagtitig at pakikipagsandiwaan sa ICON, hinahangad natin na umugat ang ating buhay-pananampalataya sa diwa ng ebanghelyo ni Hesus, sa gabay ni Inay Maria. At sa pamamagitan ng titig ni Maria at mapagpalayang tingin ni Hesus, pinahihiwatig ang pagdating ng pag-asa. Ngunit, saan tayo magsisimula upang ang pag-asa na ito ay dumating sa ating piling?

“... ginawa mo kaming iyong mga **anak** upang magmahalan kami tulad ng pagmamahal ni Kristo sa amin. Anong limit naming malimutan ang dakila naming **karangalang ito.**”

Pambungad na Panalangin

Ano ang pinakamatinding sakit o “mother of all sins” na siyang nagdudulot ng kasalanan at kahirapan sa mundo?

(Pagbabahaginan)

Ang tawag sa sakit na ito ay amnesia; sa sakit na ito hindi maala-ala ng isang tao kung sino siya, at ano ang kanyang tunay na pagkatao. Marami sa mga Kristiano ang nagkakasakit ng “spiritual amnesia”: nakakalimutan natin ang ating tunay na identity bilang mga ANAK NG DIYOS, na siyang dakila nating karangalan. Ito ang regalo ng Diyos sa atin ng tayo ay binyagan. Bilang mga tao tayo ang “imago Dei”, ang kalarawan ng Diyos, ang ICON ng Diyos.

Minsan ay naglalakad ako sa Baclaran at napadaan ako sa isang pagdiriwang ng binyagan. Lasing na lasing ang mga tao habang nag-aawitan o nagvivideokehan. At sa isang malaking tarpaulin nakalagay ang isang pagbati: “Mary Jane, Welcome to the Christian World.”



Naalala ko din ang karanasan ko sa mga tribong Dumagat ng ako ay nagmisyon sa kanila. Namangha ako sa kanilang mga bahay dahil wala itong pintuan kaya tinanong ko ang isang Dumagat: “Bakit hinahayaan niyong bukas ang inyong mga tirahan, hindi ba kayo ninanakawan dito? Ang sagot sa akin ay: “Hindi po. Wala naman pong mga kristiyano dito.” Para akong nakatikim ng mag-asawang sampal sa narinig ko. Ang tinutukoy niyang mga kristiyano ay ang mga taga-patag na sumisira ng kalikasan dahil sa logging at kumakamkam sa kanilang lupang tinubuan dahil sa angkin nitong likas na yaman.

Bakit ba natin nalilimutan na tayo ay mga anak ng Diyos? Nagsisimula ito sa mga pamilya. Hindi naman perpekto ang mga magulang kaya hindi nila nabibigyan ng sapat na pagmamahal ang kanilang mga anak. Kasama na rin dito ang hindi magandang relasyon sa mga miyembro at kamag-anakan. At ano ba ang nangyayari ngayon sa mga kapit-bahay at komunidad? Nananatili pa ba ang pagtutulungan at mga tradisyonal na values tulad ng pagbabayanihan, o kanya-kanya na lamang diskarte ang nangyayari? Pati ang mga balita at pangyayari sa kapaligiran ay negatibo ang karamihan. Nilalamon ng masamang balita ang mabuting balita.

Dahil sa ganitong kalagayan, ang likas na kabutihan na nasa ating kalooban, ang ating pagiging mga anak ng Diyos, ay hindi naipapahayag at nababalutan ng mga kasalanan at kasamaan. Nakakalimutan natin ang likas nating pagkatao, na tayong lahat ay mabuti dahil tayo ay mga anak ng Diyos! Ngunit kung lagi nating maaalala ito at mananatili sa ating diwa at isipan sa bawat sandali ng ating buhay, maiiwasan natin ang gumawa ng masama. Mabubuhay tayo ng marangal at may pagmamahal tulad ng pagmamahal ni Kristo sa atin.

**“Upang magsikap kaming  
maging tunay na mga  
Kristiyano sa pamamagitan  
ng mapagmahal na  
pagmamalasakit sa iba...”**

**Mga Kahilingan sa Ating Ina ng Laging Saklolo**

Sa ating panahon at kalagayan, kung nanaisin mong maging isang tunay na kristiyano ay napakahirap gawin dahil lalangoy ka na kontra sa agos ng tubig. Mas madaling sumunod na lamang sa agos, di ba?

Kapag sinabi natin na tayo ay mga anak ng Diyos, o kawangis, o ka-larawan ng Diyos, ano ang katangian o quality ng Diyos ang dapat na isabuhay natin?

Ang sagot sa tanong na ito ay makikita mismo sa naging buhay ni Hesus na mababasa sa banal na kasulatan. Ang katangian na ito ay ang “mapagmahal na pagmamalasakit sa iba.” (Ipaliwanag ang layunin ni Pope Benedict sa pagdeklara ng “Year of Mercy”. Magbigay ng halimbawa tulad ng pakikisalamuha ni Hesus sa mga maysakit at makasalanan)

“... magpagaan ng tinitiiis ng mga inaapi, at turuan ng katarungan ang mga sa kanila’y nang-aapi...”

**Panalangin sa Nobena**

Likas sa mga deboto ang pagiging maawain sa mga dukha at marami ang nagbibigay ng limos sa kanila. Ngunit sapat po ba ito? Ang dignidad ba ng mga dukha bilang mga anak ng Diyos ay “naitataas” sa pamamagitan ng ating paglilimos sa kanila?

May mga pagkakataon na kailangan tayong magsuri tungkol sa mga nagaganap sa ating lipunan. Mauunawaan natin na marami ang naghihirap dahil sa kawalan ng katarungan at pang-aapi ng tao sa kanyang kapwa, ng mga mayayaman sa mga walang-wala, ng mga makapangyarihan sa mga mahihina at walang tinig sa ating lipunan. Kung tayo ay inaapi, ang ating dignidad bilang mga anak ng Diyos ay nayuyurakan. At ito ang pinakapundasyon ng ating paninindigan para sa katarungan: ang pagtatanggol sa ating dignidad bilang mga anak ng Diyos.

“Nilikha Niya ang lahat ng kahanga-hangang mga bagay para sa amin. Nawa’y gamitin namin ang mga ito sa kabutihan...”

PASASALAMAT

Ano po ang mga kahanga-hangang bagay na tinutukoy sa dasal na ito?

Ang planetang Earth o daigdig ay maituturing na larawan ng mukha ng Diyos. Ito ay punong-puno ng buhay na galing sa Inang Kalikasan na nilikha ng Diyos. “Nawa’y gamitin natin ito sa kabutihan”, hindi sa kasamaan.

Sa ating parokya, may programa ba para mapangalagaan ang ating kalikasan? Tumitindi ang pag-init ng temperatura ng daigdig at hindi pa huli ang lahat upang kumilos at gumawa tayo ng hakbang upang maisalba ang kalikasan at ang buhay ng susunod pang henerasyon. Ayon sa isang kasabihan: “Kung aalagaan natin ang kalikasan ay aalagaan din niya tayo.”



Kung susumahin natin ang pagpapahayag ngayong gabi, masasabi natin na kailanman ay hindi tayo magiging ulila o nag-iisa dahil ang ating debosyon o debo(mi)syon ay may tatlong Ina... ang Inay Maria... ang Inang Bayan... at ang Inang Kalikasan...

“Iniaalay namin sa iyo ang aming buhay upang lalo naming mahalín ang Diyos at mabuhay kami, hindi para sa aming sarili kundi para kay Kristong iyong Anak at upang Siya’y aming makita at paglingkuran sa aming kapwa.”

**Pag-aalay**

Bilang simpleng pagpapahayag ng pag-aalay ng ating sarili sa araw na ito, dasalin natin ng dahan-dahan ang isang bahagi ng “Panalangin ng Pag-aalay”.

# **TAYO MISMO ANG DAMBANA**

Sama-sama nating isigaw TAYO MISMO ANG DAMBANA. Tayo mismo, bilang tao na nilikha ng Diyos, ang Kanyang dambana. At dahil inialay ni Maria ang kanyang buhay upang matupad ang kalooban ng Diyos, siya mismo ang naging dambana ng Diyos. At sa ating pagdedebosyon at pagsunod sa kalooban ng Diyos, maipapahayag natin na “TAYO MISMO ANG DAMBANA!”

# **TAYO MISMO ANG SAKLOLO**

TAYO MISMO ANG SAKLOLO! Sa pagtanggap ng nag-uumapaw na biyaya at pagmamahal ng Diyos, hindi natin mapigilang ibahagi ang pagmamahal at biyaya na ito sa iba. Tayo mismo ang nagiging saklolo sa kapwang nangangailangan. Ang grasya na ating natanggap ay hindi nanatiling para sa sarili lamang bagkus umaapaw ito patungo sa ating mga mahal sa buhay at kapwang nangangailangan.

Kaya sabay-sabay nating isigaw: TAYO MISMO ANG SAKLOLO! TAYO MISMO ANG DAMBANA!



## Ang ICON at mga Sakramento



Ang ICON at mga sakramento ay simbolo ng presensiya ng Diyos sa ating komunidad at panahon. Gaano man katindi ang kahirapan na nararanasan natin ngayon, sumasampalataya tayo na ang pamamayani ng pagmamahal ng Diyos ang magtatagumpay. Ang Espiritu ng Diyos ay patuloy na kumikilos upang magkaroon ng kaganapan ang pagmamahal ng Diyos sa ating lipunan at kasaysayan. At ano ang mga sinyales o tanda na kumikilos ang Diyos? Tayo mismo ang simbolo ng pagkilos ng Diyos! Tayong mga debotong-misyonero, ang pinakamahalagang ICON ng Diyos. Kaya ba nating maging ICON mismo ng Diyos?!

Sapagkat sa Diyos, walang imposible! (3x)



Bilang pagtatapos, nais kong balikan ang larawang ito. Ang titig ni Maria sa atin ay nag-aanyaya na makipag-niig o makipagrelasyon sa Diyos. Inaanyayahan niya tayo na tumitig kay Hesus, ang isinugo ng Ama upang iligtas tayo sa kasalanan at kahirapan. Ang titig ni Hesus na lumagpas sa krus at palabas sa kuwadro ay nag-aanyaya at humahamon sa atin na maglakbay patungo sa buhay na walang hanggan, lumikha ng isang lipunan na namamayani ang kasaganaan sa kahirapan, namamayani ang kapayapaan sa kaguluhan, namamayani ang pag-iibigan sa pagsasamantala at pang-aapi. Hinahamon tayo ni Hesus na tumingin sa labas ng kahon ng ating pananampalataya at panibaguhin ang ating debosyon, at sumama sa pagkilos ng Diwa ng Diyos sa pagpapanibago ng ating sambayanan.